

Ang pagtaas ng buwis sa ari-arian sa Lungsod ay 0% para sa 2026.

Maaari pa ring magkaroon ng mga pagbabago sa iyong indibidwal na buwis sa ari-arian, depende sa kung paano nagbago ang tinasang halaga ng iyong ari-arian kumpara sa karaniwang pagbabago sa uri ng ari-arian nito at mga pagtaas ng buwis mula sa ibang mga awtoridad sa buwis.

Ang Lungsod ay nangongolekta ng mga singil sa ngalan ng ibang mga awtoridad upang pondohan ang mga serbisyong panrehiyon, mga paaralan, pampublikong transportasyon, suplay ng inuming tubig, at paggamot ng wastewater. Para maging malinaw, hindi ang Lungsod ng Vancouver ang nagtatakda ng mga singil na ito.

Ngayong taon, tumaas ang mga bayarin sa mga utility ng 4.2% dahil sa mga pamumuhunang patungo sa pagpapalit ng lumang pangunahing imprastruktura, at pagtaas ng singil sa tubig at pataw sa sewer sa Metro Vancouver.

Tulong para sa may-ari ng bahay

Magbayad online, sa pamamagitan ng telepono o nang personal sa iyong institusyong pinansyal. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: vancouver.ca/bank-payment

Sumangguni sa iyong abiso sa buwis sa ari-arian para sa iba pang mga paraan ng pagbayad. Ang mga nahuling bayad ay may 5% na multa. Ang mga hindi pa nabayarang balanse pagkatapos ng Disyembre 31, 2025 ay mapapailalim sa interes sa rate na 8.95%, na pinapatong taun-taon.

Khoản trợ cấp cho chủ nhà

Ang mga kwalipikadong may-ari ng bahay ay maaaring bawasan ang kanilang mga buwis sa ari-arian sa pamamagitan ng pag-aaplay para sa home owner grant ng lalawigan bawat taon. Mag-apply sa: gov.bc.ca/homeownergrant o tumawag sa **1-888-355-2700**.

Pagpapaliban ng buwis sa ari-arian

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng pautang ng lalawigan, kabilang na ang mga kamakailang pagbabago sa programa, para suriin ang iyong taunang katayuan sa pag-renew at mag-apply, bisitahin ang: gov.bc.ca/propertytaxdeferral o tumawag sa **1-888-355-2700**.

Ang Revenue Services ay bumalik na sa City Hall


Matatagpuan kami sa ground floor sa 453 West 12th Avenue (sa Cambie Street) Lunes hanggang Biyernes, 8:30 am hanggang 5 pm

Maaari kang gumawa ng mga personal na pagbabayad at katanungan para sa:

- Buwis sa ari-arian
- Mga multa sa paglabag sa bylaw
- Buwis sa mga bahay na walang nakatira
- Mga permit at lisensiya
- Singil sa utility

Ang mga serbisyong personal ay maaaring maantala, lalo na sa mga huling araw ng pagbayad ng buwis. Magbayad online para maiwasan ang pila.

Para sa mga pangkalahatang tanong, tumawag sa **3-1-1 (604-873-7000)** o bumisita sa vancouver.ca/contact



Magparehistro para sa isang online property tax account

Ito ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan para:

- Suriin ang balanse ng iyong account
- Tingnan ang mga bayarin at listahan ng mga nakaraang bayad
- Isumite ang iyong taunang deklarasyon ng kalagayan ng ari-arian
- Magparehistro sa eBilling para matanggap ang iyong susunod na abiso sa pamamagitan ng email

Mag-sign up sa vancouver.ca/property-services

Panatiliing napapanahon ang iyong adres

Nagbago ba ang iyong adres ng pagpapadalhan? Mayroon ka bang mahigit sa isang ari-arian?

I-update ang iyong adres sa: bcassessment.ca/update

NAGLALAMAN NG MAHALAGANG IMPORMASYON

NAKATAKDANG PAGBAYAD NG MGA BUWIS SA ARI-ARIAN HULYO 3, 2026

Mga Buwis sa Ari-arian 2026



For translations or more information, please visit:

有關翻譯文本或更多信息，請訪問：

如需翻译或了解更多信息，请访问：

Para sa mga salin sa Tagalog o para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:

ਅਨੁਵਾਦਾਂ ਜਾਂ ਵਧੇਰੇ ਜਾਣਕਾਰੀ ਲਈ, ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਵੇਖੋ:

Để có bản dịch hoặc biết thêm thông tin, xin vui lòng truy cập:

Para obtener traducciones o más información, visite:

vancouver.ca/property-tax



Mensahe mula sa Alkalde



Sa buong Canada, ang mga pamilya at negosyo ay nahaharap sa pagtaas ng kawalan ng katiyakan dahil sa pagtaas ng mga gastusin na nagdudulot ng presyon sa badyet ng mga sambahayan.

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng 0% na pagtaas sa buwis sa ari-arian para sa 2026, ang Konseho ay gumagamit ng back-to-basics, back-to-community, na pamamaraan upang maibsan ang pasanin ng mga residente at negosyo habang inuuna ang mga pangunahing serbisyo.

Ang zero ay nangangahulugang zero.


Ang itinakdang pamamaraan ng Konseho ay naghahatid ng 0% na pagtaas sa buwis sa ari-arian habang pinangangalagaan ang mga pangunahing serbisyong inaasahan ng mga residente.

Ang pamamaraan ng Konseho ay naghahatid ng 0% na pagtaas sa buwis sa ari-arian habang pinoprotektahan ang mga pangunahing serbisyong inaasahan ng mga residente

Upang makamit ito, inatasan ng Konseho ang mga kawani ng Lungsod na maghanap ng mga paraan upang maging mahusay, bawasan ang mga gastos, at makabuo ng mga bagong kita, habang pinapanatili ang mga mahahalagang serbisyong inaasahan ng mga residente araw-araw, kabilang ang kaligtasan ng publiko, mga tulong pinansyal para sa komunidad, pagpapanatili ng kalsada at bangketa, mga sentro ng komunidad, at mga oras ng aklatan.

Ken Sim
Alkalde ng Vancouver



Mga Kapital na Pamumuhunan sa 2026 (ayon sa kategorya)



	Tubig at Alkantariya	\$181M	26%
	Mga pasilidad ng komunidad	\$162M	23%
	Mga lansangan	\$133M	18%
	Mga parke at pampublikong bukas na espasyo	\$51M	7%
	Pampublikong Kaligtasan	\$42M	6%
	Solidong Basura	\$34M	5%
	Teknolohiya	\$25M	4%
	Pabahay	\$22M	3%
	Sining, kultura at pamana	\$18M	3%
	Iba pa	\$14M	2%
	Pangangalaga ng bata	\$7M	1%
	Mga pasilidad at kagamitang sibiko	\$5M	1%
	Nababagong enerhiya	\$4M	1%

Alam mo ba?

Halos kalahati ng iyong mga buwis ay hindi napupunta sa Lungsod ng Vancouver. Napupunta ang mga ito sa ibang mga awtoridad sa buwis.



(Ang mga singil na ito ay hindi itinakda ng Lungsod ng Vancouver)